Republic of the Philippines
Department of Education
Region VIII
SCHOOLS DIVISION OF CALBAYOG CITY

July 31, 2024

PANSANGAY NA MEMORANDUM
BLG. 395, s. 2024

# BUWAN NG WIKA 2024

PARA SA: Pampurok na Tagamasid
Namumuno ng mga Paaralan
Kaguruan at Kawani ng Sangay ng Calbayog

1. Alinsunod saProklamasyon Blg. 1041, s.1997 na nagtatalaga sa taonang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto1-31, ang Sangay ng Lungsod ng Calbayog sa pangunguna ng Curriculum Implementation Division (CID) ay nakikiisa sa Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) at ng sambayanag Pilipino sa pagdiriwang na ito. Ang Tema sa taong ito ay, **"FILIPINO: Wikang Mapagpalaya"**

2. Alinsunod dito, ang lahat ng mga kawani at mga kaguruan ng Kagawaran ng Edukasyon sa lahat ng antas ng paaralan pampubliko man o pribado at mga mag-aaral ay hinihimok na makiisa sa pagdiriwang nito. Ang mga sumusunod ay iminumungkahing isagawa:

   a. Pagsuot ng kasuotang Pilipino sa araw ng lunes sa buong buwan ng Agosto;
   b. Pagsasagawa ng simpleng Pambungad na Palatuntunan sa unang lingo ng Agosto;
   c. Paggamit ng Wikang Filipino at iba pang katutubong Wika sa pakikipagtalastasan at opisyal na komunikasyong korespondensiya sa buong buwan bilang pagpapahalaga sa Wika at Kulturang Pilipino;
   d. Pagsasagawa ng Pampinid na Palatuntunan o kulminasyon sa Buwan ng Wika 2024.

3. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.

RELEASED
DATE: JUL 3 1 2024
BY: 1:45
CALBAYOG CITY

**MARGARITO A. CADAYONA JR, PhD, CESO VI**
Nanunungkulan-Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

**Address:** *P2 Brgy. Hamorawon, Calbayog City, Samar*
**Email Address:** *calbayogcity@deped.gov.ph*
**Website:** *https://calbayogcity.deped.gov.ph/*